TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
KATITIKAN

Ginanap sa Pamamagitan ng Videoconference
(May remote access sa pamamagitan ng teleconference)
www.sfgovtv.org

Oktubre 22, 2021 – 1:00 PM

Espesyal na Pagpupulong

Mga Miyembro: Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

1. Atas ng Paninimula at Pagtawag sa mga Pangalan

Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa isang espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconference, at nagbigay ng komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Biyernes, Oktubre 22, 2021. Pinasimulan ng Kagalang-galang na Tagapangulo, Arnold Townsend, ang pagpupulong nang 1:10 p.m.

Nang tinawag ang listahan ng mga pangalan, sina Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Miyembro Castillon, Tagapangulong Townsend, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Pangalawang-Tagapangulong Reiner ay itinalang dumalo. Nagkaroon ng korum.

2. Pag-apruba sa Katitikan ng Oktubre 4, 2021, Espesyal na Pagpupulong

Mga Nagsalita: Wala.

Sinegundahan ni Miyembro Hernández Gil si Miyembro Chasel Lee sa paghain ng mosyon na amyendahan ang Katitikan ng Oktubre 4, 2021, Espesyal na Pagpupulong, upang itama ang mga munting kamalian sa teksto sa Usapin sa Adyenda Blg 1 at 9. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:

Mga Bumoto ng Oo: 9
Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner

Inaprobahan ang naamyendahang Katitikan ng Oktubre 4, 2021, Espesyal na Pagpupulong ayon sa mga sumusunod na boto:

Mga Bumoto ng Oo: 9
Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner

3. Mga Mapagkukunan ng Datos at Pamantayan para sa mga Hangganan ng Distrito

Nagbigay ng presentasyon si Karin Mac Donald (Kasangguni para sa Muling Pagdidistrito, Q2 Datos at Pananaliksik) na nagbigay buod ukol sa mga mapagkukunan ng datos at mga dokumentong ginagamit sa proseso ng muling pagdidistrito; sinagot ni Andrew Shen (Opisina ng Abugado ng Lungsod) ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.

Mga Nagsalita: David Pilpel; Marc Powell; Nagsalita; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa mga mapagkukunan ng datos at pamantayan sa mga hangganan ng distrito sa hinaharap.

Matapos ang talakayan, hiniling ni Tagapangulong Townsend na ilagay sa file ang pinagusapan.

4. Legal na mga Tungkulin at Obligasyon ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito

Nagbigay ng buod sina Gus Guibert, Andrew Shen, at Ana Flores (Opisina ng Abugado ng Lungsod) ukol sa mga legal na obligasyon at mga umiiral na deadline para sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito; sinagot ni Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Lupon ng mga Superbisor) ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.

Mga Nagsalita: Lauren Girardin ng Liga ng mga Botanteng Kababaihan ng San Francisco (League of Women Voters of San Francisco); Nagsalita; Cheryl Thornton; Jen Tse (League of Women Voters of San Francisco); David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang alalahanin patungkol sa mga legal na mga tungkulin at obligasyon ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito.

Matapos ang talakayan, hiniling ni Tagapangulong Townsend na ilagay sa file ang pinagusapan.

Itinalang lumiban si Pangalawang Tagapangulong Reiner nang 3:50 p.m. hanggang sa matapos ang pagpupulong.

5. Pagsasahimpapawid at mga Plataporma para sa mga Susunod na Remote na Pagpupulong

Nagbigay ng presentasyon sina Angela Calvillo, Klerk ng Lupon, at Wilson Ng (Lupon ng mga Superbisor); Ana Flores (Opisina ng Abugado ng Lungsod); ukol sa mga opsiyon para sa teleconference na maaaring magamit para sa mga susunod na pagpupulong ng

Task Force, hinimok din ang Task Force na gumamit sa halip ng mga produkto ng WebEx para sa pakikipag-teleconference.

Nagsalita: David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang alalahanin patungkol sa mga plataporma sa pagsasahimpapawid ng mga remote na pagpupulong.

Sinegundahan ni Miyembro Chasel Lee si Miyembro Cooper sa paghain ng mosyon na simula sa regular na pagpupulong sa Nobyembre 1, 2021, lahat ng susunod na remote na pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ay isasagawa sa teleconference gamit ang mga produkto ng WebEx para sa pakikipag-teleconference. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:

Mga Bumoto ng Oo: 8
Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee

Lumiban: 1
Reiner

6. Pagsasalin ng mga Dokumento sa Iba't-ibang Wika

Nagbigay ng buod si John Arntz, Direktor (Departamento ng mga Eleksyon), ukol sa mga serbisyo sa pagsasalin na isinasagawa ng Departamento ng mga Eleksyon para sa mga dokumento ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito, sinagot din ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.

Nagsalita: Jenny Tse (League of Women Voters of San Francisco); nagsalita ukol sa iba't-ibang alalahanin patungkol sa pagsasalin sa mga dokumento ng Task Force sa iba't-ibang wika.

Matapos ang talakayan, hiniling ni Tagapangulong Townsend na ilagay sa file ang pinagusapan.

7. Pangkalahatang Pagkomento ng Publiko

Mga Nagsalita: Nagsalita; Lauren Girardin at Jen Tse (League of Women Voters of San Francisco); Sana Sethi (SF Rising); David Pilpel; nagpamahagi ng iba't-ibang alalahanin sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito.

8. Mga Susunod na Usapin sa Adyenda

Tinalakay ng mga miyembro ang mga posibleng usapin sa mga susunod na adyenda:

- *Ang usapin sa adyenda para mapag-usapan ang legal na depinisyon ng mga pangkat etniko at minoridad;*
- *Ang usapin sa adyenda para suriin ang plano sa pag-abot sa komunidad na kasalukuyang binubuo ng Civic Edge Consulting;*

- *Ang usapin sa adyenda para sa mas masusing pagsaalang-alang sa lohistika ng mga pagpupulong sa loob at labas ng distrito; at*
- *Ang usapin sa adyenda para tukuyin ang mga susunod na petsa ng pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito.*

Nag-presenta ng impormasyon si Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Lupon ng mga Superbisor); at sinagot din ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.

Mga Nagsalita: Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.

9. Pagtatapos

Nang dahil wala nang iba pang tatalakayin, tinapos ni Tagapangulong Townsend ang pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 4:19 p.m.

Pakitandaan. Inilahad ng Katitikan ng pagpupulong na ito ang lahat ng mga pagkilos na ginawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa mga usapin na nakasaad, ngunit hindi nakaayon sa pagkakasunud-sunod ng pagtalakay sa mga nasabing usapin.

Inaprobahan: Nobyembre 1, 2021
Task Force para sa Muling Pagdidistrito